# Parokya Ni Edgar, Oka Tokat

Hoy mga pare ko, anong nangyari dito?
Bakit biglang namutla ang mukha ko?
Nanginginig, tumindig ang balahibo
Gusto kong sumigaw, gusto kong tumakbo palayo!
Hoy! Meron akong nakita, isang babae na nagpapakita sa kusina tuwing gabi...Nye!? White lady ang dating...
OKATOKAT! Nakakapraning!
Ako'y kinabahan, dahan-dahang nilapitan...
mula sa likod bigla ko siyang sinunggaban!
Ako'y napahiya nung nakilala ko kung sino...
si nanay lang naman pala, akala ko multo!
Tatay kong masungit...OKATOKAT!
Kaning mainit... OKATOKAT!
Syota kong ma-gimmick...OKATOKAT!
Punung-puno ng sabit!
Mag-isa sa kwarto, ano ba naman ito!?
Sa gitna ng dilim, kabado na naman ako!
Saking paligid, merong nakatitig...
OKATOKAT! Ako'y nanginginig!
So ako ay tumahimik at ako'y kinabahan.
Bumaba mula sa kama ko dahan-dahan...
sabay takbo sa ilaw at bigla kong binuksan,
salamin lang pala...buti na lang!
Masamang panaginip...OKATOKAT!
Asong makulit...OKATOKAT!
Titser kong nakakabuwisit...OKATOKAT!
na ubod pa nang pangit...OKATOKAT!
Lahat sa ating paligid ay kinatatakutan: multo, engkanto, at dayuhan.
Mga pangyayaring hindi maintindihan, kapag hindi maunawaan, OKATOKAT diyan...

Parokya Ni Edgar - Oka Tokat w Teksciory.pl